

## PAHAYAG SA IMPORMASYON NG BAKUNA

# Ang Mga Unang Bakuna ng Anak Mo

## Anu-ano Ang Mga Dapat Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

Maraming Impormasyon ng Bakuna ang makukuha sa wikang Spanish at iba pang wika. Pumunta sa [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

Ang mga bakuna na saklaw sa pahayag na ito ay iyong maaaring ibigay sa mga pagbisita sa simula bilang sanggol at simula pagkabata. Ang iba pang mga bakuna (kasama ang tigdás, beke, at tigdás-hangin; bulutong-tubig; rotavirus; trangkaso; at hepatitis A) ay karaniwan rin ipinapayo sa unang limang taon ng buhay.

### Matatanggap ng anak mo ang mga bakunang ito ngayong araw:

DTaP    Hib    Hepatitis B    Polio    PCV13

(*Provider: Kudlitan ang mga naaangkop na kahon.*)

## 1 Bakit magpapabakuna?

Ang mga sakit na kayang maiwasan ng bakuna ay madalang na ngayon kaysa noon, salamat sa pagbabakuna. Ang biglang magkalat ng ilan sa mga sakit na ito ay nangyayari pa rin sa Estados Unidos. **Kapag mas kaunting mga sanggol ang nababakunahan, mas maraming mga sanggol ang nagkakasakit.**

7 mga sakit ng kabataan na maaaring maiwasan ng mga bakuna.

### 1. Diphtheria (Ang 'D' sa DtaP na bakuna)

- Kasama sa **mga palatandaan at sintomas** ang makapal na nakabalot sa likuran ng lalamunan na nagpapahirap sa paghinga.
- **Ang diphtheria ay maaaring mauwi sa mga problema sa paghinga, pagkaparalisado at pagpalya ng puso.**
  - May 15,000 tao ang namamatay bawat taon sa U.S. mula sa diphtheria bago nagkaroon ng bakuna para rito.

### 2. Tetanus (Ang 'T' sa DtaP na bakuna; kilala rin bilang Lockjaw)

- Kasama sa **mga palatandaan at sintomas** ang masakit na paghihigpit ng mga kalamnan, kadalasang sa buong katawan.
- Ang **tetanus ay maaaring mauwi sa paninigas ng panga na maaaring magpahirap sa pagbuka ng bibig o paglunok.**
  - Pinapatay ng tetanus ang 1 sa bawat 10 tao na nagkakaroon nito.

### 3. Pertussis (Ang 'P' sa DtaP na bakuna, kilala rin bilang Whooping Cough)

- Kasama sa **mga palatandaan at sintomas** ang bayolenteng pag-ubo na nagpapahirap sa sanggol na kumain, uminom, o huminga. Tumatagal ang mga atakeng ito nang ilang linggo.
- Ang **pertussis ay maaaring mauwi sa pneumonia, mga seizure, pinsala sa utak, o kamatayan.** Ang pertussis ay maaring maging mapanganib sa mga sanggol.
  - Karamihan sa mga namamatay sa pertussis ay mga sanggol na may edad 3 buwan pababa.

### 4. Hib (*Haemophilus influenzae type b*)

- Maaaring kasama sa **mga palatandaan at sintomas** ang lagnat, pananakit ng ulo, stiff neck, pag-ubo, at kakapusan ng paghinga. Maaaring walang anumang palatandaan o sintomas sa mga banayad na kaso.
- **Ang Hib ay maaaring mauwi sa meningitis** (impeksyon sa utak at mga nakabalot sa spinal cord); pneumonia; mga impeksyon sa tenga, sinuses, dugo, kasu-kasuan, buto, at hilatsang nakabalot sa puso; pinsala sa utak; matinding pamamaga ng lalamunan, na nagpapahirap sa paghinga; at pagkabingi.
  - Ang mga kabataan na may edad 5 taon pababa ay mga higit na panganib sa sakit na Hib.

### 5. Hepatitis B

- Kasama sa **mga palatandaan at sintomas** ang pagka-pagod, pagtatae (diarrhea) at pagsusuka, jaundice (paninilaw ng balat o mata), at pananakit ng kalamnan, kasu-kasuan at sikmura. Ngunit karaniwang walang anumang palatandaan o sintomas.
- Ang **Hepatitis B ay maaaring mauwi sa pagkasira ng atay, at kanser sa atay.** Ang ibang tao ay nagkakaroon ng chronic (pangmatagalang) na impeksyon ng hepatitis B. Maaaring hindi mukhang may sakit o nakararamdam na may sakit, ngunit maaari silang makahawa ng ibang tao.
  - Ang Hepatitis B ay maaaring magdulot ng pagkasira ng atay at kanser sa 1 sa bawat 4 na batang may pangmatagalang impeksyon.

### 6. Polio

- Maaaring kasama sa **mga palatandaan at sintomas** ang mala-trangkasang lagnat, o walang anumang sintomas na lalabas.
- **Ang polio ay maaaring mauwi sa permanenteng pagka-paralisado** (hindi maikilos ang braso o paa, o kung minsan ay hindi makahinga) at kamatayan.
  - Noong dekadang 1950, pinalalisado ng polio ang mahigit sa 15,000 tao bawat taon sa U.S.



## 7. Pneumococcal Disease

- Kasama sa **mga palatandaan at sintomas** ang lagnat, pangingilig, pag-ubo, at pananakit ng dibdib. Maaaring kasama sa mga sintomas ang meningitis, seizure at minsan pamamantal sa mga sanggol.
- **Ang pneumococcal disease ay maaaring mauwi sa meningitis** (impeksyon sa brain at mga nakabalot sa spinal cord), mga impeksyon sa tenga, sinus at dugo, pneumonia, pagkabingi, at pinsala sa utak.
  - 1 sa 15 kabataan na nagkakasakit ng pneumococcal meningitis ay mamatay mula sa impeksyon.

Karaniwang nakukuha ng mga bata ang mga sakit na ito mula sa ibang bata o matatanda, na maaaring hindi nalalaman na sila mismo ay may impeksyon. Mahahawaan ng isang inang na may **Hepatitis B** ang sanggol niya sa panganganak. **Ang Tetanus** ay pumapasok sa katawan sa pamamagitan ng hiwa sa balat o sugat; hindi ito kumakalat nang mula sa isang tao, at papunta sa iba pa.

## Ang mga bakuna na makapagbibigay proteksyon sa iyong sanggol mula sa pitong mga sakit na ito:

| Bakuna                                      | Bilang ng dosis | Mga inirerekomendang edad                        | Iba pang impormasyon   |
|---|-----------------|--|--|
| DTaP (diphtheria, tetanus, pertussis)       | 5               | 2 buwan, 4 buwan, 6 buwan, 15-18 buwan, 4-6 taon | Ang ilang mga bata ay dapat mabakunahan ng tinatawag na DT (Diphtheria & Tetanus) sa halip na DtaP.                    |
| Hepatitis B                                 | 3               | Pagkapanganak, 1-2 buwan, 6-18 buwan             |  |
| Polio                                       | 4               | 2 buwan, 4 buwan, 6-18 buwan, 4-6 taon           | Maaaring irekomenda ang karagdagang dosis ng bakuna para sa polio kapag bibiyahe sa ilang bansa.                       |
| Hib ( <i>Haemophilus influenzae</i> type b) | 3 o 4           | 2 buwan, 4 buwan, (6 na buwan), 12-15 buwan      | May ilang klase ng bakunang Hib. Kapag ginamit ang isa sa mga ito, hindi na kakailanganin ang dosis sa ika-6 na buwan. |
| Pneumococcal (PCV13)                        | 4               | 2 buwan, 4 buwan, 6 na buwan, 12-15 buwan        | Ang mga batang mas malalaki na ay kailangan din ng bakunang ito.   |

Maaaring ibigay ng tagapangalaga ng kalusugan mo ang ilan sa mga bakunang ito bilang **mga kumbinasyon na bakuna** — ilang bakuna na inilalapat nang magkasabay sa iisang pagtarak. Ang mga pinagsama-samang bakuna ay kasing-ligtas at kasing-bisa ng mga hiwa-hiwalay na bakuna, at nangangahulugan ng mas kaunting pagtarak para sa sanggol mo.

2

### May ilang bata na hindi dapat makatanggap ng ilang bakuna

Karamihan ng mga bata ay ligtas na matatanggap ang mga bakunang ito. Ngunit may ilang mga hindi kabilang:

- Ang batang may di malalang sipon o ibang karamdaman sa araw ng mga pagbabakuna ay maaaring mabakunahan. Ang batang may malubhang karamdaman sa araw ng mga pagbabakuna ay maaaring payuhang bumalik na lamang sa ibang araw.
- Sinumang bata na nagkaroon ng nakamamatay na allergic na reaksiyon pagkaapos na makatanggap ng bakuna ay hindi dapat tumanggap ulit ng bakunang iyon. **Sabihin sa taong magbibigay ng mga bakuna kung ang iyong anak ay nagkaroon ng malubhang reaksiyon pagkatapos ng pagbabakuna.**
- Ang batang may malubhang (nakamamatay) na allergy sa isang sustansya ay hindi dapat makatanggap ng bakunang naglalaman ng sustansyang iyon. **Sabihin sa taong magbibigay ng bakuna kung ang iyong anak ay mayroong mga malubhang allergy ayon sa iyong kaalaman.**

### Makipag-usap sa doktor mo bago makatanggap ang anak mo ng...

- **bakunang DTaP**, kung nagkaroon ang anak mo ng alinman sa mga reaksiyon na ito maaraang unang makatanggap ng DTaP:
  - Sakit sa utak o nervous system sa loob ng 7 araw,
  - Walang-patid na pag-iyak nang 3 oras o higit pa,
  - Seizure o pag-collapse,
  - Lagnat na mahigit sa 105°F.
- **bakunang PCV13**, kung ang anak mo ay nagkaroon kailanman ng matinding reaksiyon makaraang makatanggap ng dosis ng DTaP (o iba pang bakunang nagtataglay ng diphtheria toxoid), o pagkatapos ng dosis ng PCV7, isang mas naunang bakunang pneumococcal.

### 3

## Panganib ng Reaksiyon sa Bakuna

Katulad ng ibang gamot, kasama na ang mga bakuna, ay may pagkakataon na mayroong masamang mga epekto. Sila ay karaniwang hindi malubha at kusang nawawala.

Karamihan ng reaksiyon sa bakuna ay **hindi nakamamatay**: pagsakit ng kalamnan, pamumula, o pamamaga sa lugar na pinagtarakan; o banayad na lagnat. Ang mga ito ay nangyayari makalipas na ilapat ang bakuna at nawawala makalipas ang isa o dalawang araw. Nangyayari ang mga ito sa halos kalahati ng mga pagbakuna, depende sa bakuna.

Ang mga seryosong reaksiyon ay posible pero bihira.

**Ang mga bakuna sa Polio, Hepatitis B at Hib** ay naiuugnay lamang sa banayad na reaksiyong ito.

Ang mga bakuna na DtaP at Pneumococcal ay naiugnay rin sa mga problema.

### Bakunang DTaP

- **Mga Banayad na Problema:** Pagkaalibadbad (aabot sa 1 sa bawat 3 bata); pagkapagod o walang gana kumain (aabot sa 1 sa bawat 10); pagsusuka (aabot sa 1 sa bawat 50); pamamaga ng buong braso o hita nang 1-7 araw (aabot ng 1 sa bawat 30) — karaniwang sa ika-4 o ika-5 dosis.
- **Mga Katamtamang Problema:** Seizure (1 sa bawat 14,000 na bata); walang –patid na pag-iyak nang 3 oras o mas mahaba pa (aabot ng 1 sa bawat 1,000 bata); lagnat na mahigit 105°F (1 sa bawat 16,000 bata).
- **Mga nakamamatay na problema:** pangmatagalang seizure, coma, paghina ng ulirat, at permanenteng pagkasira ng utak kasunod ng pagbakuna ng DTaP. Ang mga ulat na ganito ay lubhang madalang.

### Bakunang Pneumococcal

- **Mga Banayad na Problema:** Pagkaantok o panandaliang pagkawala ng gana kumain (may 1 sa bawat 2 o 3 bata); pagkaalibadbad (may 8 sa bawat 10 bata).
- **Mga Katamtamang Problema:** Lagnat na aabot ng 102.2°F (may 1 sa bawat 20 bata).

### Pagkatapos ng anumang bakuna:

Katulad ng anumang paggamot ay maaaring magdulot ng malubhang reaksiyon sa allergy. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa bakuna ay madalang, nakalkula na may 1 sa isang milyon ay mayroon, at maaaring mangyaring sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng pagbabakuna.

Gaya ng sa ibang gamot, may napakaliit na posibilidad na magdulot ang bakuna ng nakamamatay na pinsala o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay laging minamanmanan. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa: [www.cdc.gov/vaccinesafety/](http://www.cdc.gov/vaccinesafety/)

### 4

## Paano kung may nakamamatay na reaksiyon?

### Ano ang dapat kong bantayan?

- Pansinin ang anumang ikinababahalang mo, gaya ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o pambihirang pag-uugali.

Maaaring kabilang sa mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, at kahirapan sa paghinga. Ang mga palatandaan ng allergic na reaksiyon sa mga sanggol ay lagnat, pagka-antok, at pagkawala ng gana sa pagkain. Ang mga palatandaan sa mas nakatatandang mga bata ay mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina. Ang mga ito ay karaniwang nagsisimula makalipas ang ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng pagbakuna.

### Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa palagay mo ay may matinding allergic na reaksiyon o iba pang emergency na hindi maaaring maghintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. Kundi ay tawagan ang doktor mo.

Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Dapat ihain ng doktor mo ang ulat na ito, o magagawa mo ito nang ikaw mismo sa pamamagitan ng VAERS web site sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.

*Hindi nagbibigay ng payong-medikal ang VAERS.*

### 5

## Ang National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang programang pederal na nilikha upang bayaran ang mga tao na napinsala ng ilang bakuna.

Ang mga taong naniniwala na napinsala sila ng isang bakuna ay maaaring alamin ang marami pa tungkol sa programa at tungkol sa paghain ng paghahabol sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-338-2382 o pagbisita sa VICP website sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation). May hangganan ang oras na maaaring maghain ng paghahabol para sa kabayaran.

### 6

## Paano ko malalaman ang higit pa?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan. Siya ay makakapagbigay sa iyo ng pagsingit ng pakete sa bakuna o magmungahe ng iba pang mga pagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa inyong lokal o pang-estadong departamento sa kalusugan.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)
  - Bumisita sa website ng CDC sa [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines) o [www.cdc.gov/hepatitis](http://www.cdc.gov/hepatitis)

Vaccine Information Statement

## Multi Pediatric Vaccines

Tagalog

11/05/2015

42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health

Office Use Only

